

Sa mga mag-aaral

児童生徒や学生の皆さんへ

Dahil sa paglaganap ng bagong corona virus, marami ang nag-alala kung ano ang mangyayari sa paaralan at sa hinaharap. May paalala kaming nais ipahayag tungkol sa pananimula ng bagong semestre

Una, may mga ilang pag-iingat para hindi mahawa ng bagong corona virus. Ang mga ito ay ginagawa na ninyo gaya ng paghugas ng kamay, pagsuot ng mask, at pag-iwas sa pagpasok sa paaralan kung masama ang pakiramdam. Higit sa lahat, pag-iingat sa kalusugan. Gayon pa man, nahahawa pa rin ng sipon at trangkaso. Ngayon, ang bagong corona virus ang problema.

Ang tatlong ito ay may magkakahawig na sintomas. Naranasan na ng lahat ang mga ganitong sintomas. Sa mga taong may ganitong sintomas, maaring may mga taong kasama dito ang mayroong bagong corona virus. Kung ang isa sa mga kaibigan ay nahawa ng bagong corona virus, malamang nag-aalala kung kayo rin ay nahawaan nito.

Maaring mahawa ang kahit sinuman ng bagong corona virus. Hindi kasalanan ng taong nahawaan ng bagong corona virus kung siya ay magkaroon nito. Kung kumalat ang maling pag-iisip na masama ang taong mahahawa ng bagong corona virus sa paaralan o sa klase, ang taong masama man ang pakiramdam ay itatago ito at iiwasan ang magpunta sa ospital. Dahil dito, maaring dumami ang taong mahahawa ng bagong corona virus sa inyong lugar.

Sa halip na sisihin ang mga taong nahawaan ng bagong corona virus, mas mainam na sila ay kaawaan at bigyan ng lakas ng loob para gumaling nang agaran. Ilagay ang sarili sa katayuan ng kaibigang nahawa nito at isipin kung paano gugustuhin na tratuhin ng iba.

May mga ilan na sa mga estudyante ang nakaranas ng maltrato dahil sa sila ay nahawa ng bagong corona virus. Hinihingi namin ang inyong pang-unawa para hindi ito mangyari sa inyong lugar. Dapat tayong magtulongan para maiwasan ang ganitong problema.

Maaring maging mas malubha ang kalagayan ng mga taong may-edad kung sila ay mahawaan. Hindi dahil sa masigla, hindi ibig sabihin na wala kayong dalang sakit at hindi makakahawa ng iba. Ilagay sa pag-iisip na maari kayong makahawa ng iba kahit walang nakikitang sintomas.

Marami ang nagbago dahil sa paglaganap ng bagong corona virus. Hindi na gaya nang dati, nabawasan na ang pagkita-kita kasama ang mga kaibigan, hindi makapaglaro, at kumaunti ang pagkakataong maranasan ang kultura, habang ang puso at isip ay puno ng pangamba at pagod sa hindi malamang hinaharap.

Ngunit, tayo ay nakaranas na ng mga ganitong uri ng sakit na kagaya ng bagong corona virus.

Ang mga tao sa sanlibutan ay nagtutulong-tulong upang makahanap ng lunas at bakuna laban sa mga ganitong sakit. Kaya sa ngayon, tayo rin ay mamumuhay kasama ang bagong corona virus, aalamin ang sakit na ito, maghanap ng lunas, at gumawa ng bakuna laban dito. Tayo ay magwawagi at pagkatapos, magsisimula uli tayo ng bagong hinaharap.

Kaming mga naririto ay walang sawang susuporta sa inyo para patuloy na mabigyan kayo ng pagkakataong makapagpatuloy sa inyong mga pangarap, makapag-aral, makapaglaro, maranasan ang kultura at mabuhay nang lubusan. Samantala, patuloy ninyong ipagpatuloy ang mga kagawian para makaiwas sa nakakahawang sakit, manatiling maniwala sa inyong mga pangarap, at patuloy kayong mag-aral maging sa bahay man o sa paaralan.

Buwan ng Agosto

Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon: Kōichi Hagiuda